1

# LingguhangAralin sa GMRC

Kwarter 1

Linggo 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 8**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo sa Pagsusulat**


**Writer:** Joyce F. Orillosa
**Content Reviewer:** Melynda T. Andres, Joselita B. Gulapa, Juliet P. Quezon
**Illustrator:** Fermin M. Fabella, Jr.
**Layout Artist:** Camelka A. Sandoval




**Management Team**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | Una |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan: | Una |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga sariling karapatan ng bata *(Rights of a Child).* | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbabahagi ng mga sariling karapatan na nagtatamasa bilang bata upang malinang ang paggalang. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging magalang sa pamamagitan ng mga angkop na kilos na nagbibigay-halaga sa mga karapatang tinatamasa bilang bata<br>a. Natutukoy ang mga sariling karapatan ng bata *(Rights of a Child)* (hal. pangalan, edukasyon, pagkain, tubig, tahanan, pamilya)<br>b. Natutuklasan na ang mga sariling karapatan *(Rights of a Child)* bilang bata ay nagpapabuti sa kaniyang kapakanan.<br>c. Naipahahayag ang pagiging magalang sa mga karapatan ng bata na kaniyang tinatamasa | | | |
| *D. Mga Layunin* | Natutukoy ang mga sariling karapatan ng bata *(Rights of a Child)* tulad ng:<br>- pangalan<br>- pamilya<br>- tahanan<br><br>Nakikilala na ang mga sariling karapatan (Rights of a Child) bilang bata ay nagpapabuti ng kaniyang kapakanan | Naiisa-isa ang mga sariling karapatan ng bata *(Rights of a Child)* tulad ng:<br>- edukasyon<br>- masustansiyang pagkain<br>- malinis na tubig<br><br>Naiuugnay na ang mga sariling karapatan *(Rights of a Child)* bilang bata ay nagpapabuti ng kaniyang kapakanan | Naipahahayag ang pagiging magalang sa mga karapatan ng bata na kaniyang tinatamasa<br><br>Naipaliliwanag na ang pagiging magalang sa mga karapatan ng bata ay nakapagpapabuti sa kaniyang kapakanan tungo sa pagiging magalang | Naipakikita ang pagiging magalang sa pamamagitan ng mga angkop na kilos na nagbibigay-halaga sa mga karapatang tinatamasa bilang bata<br><br>Nailalapat ang pagigigng magalang sa pamamagitan ng mga angkop na kilos na nakapagpapabuti sa kaniyang kapakanan tungo sa pagiging magalang. |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *E. Lilinanging Pagpapahalaga* | **Magalang** *(Respect)* | | | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Mga Sariling Karapatan bilang Bata *(Rights of a Child)* | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | GMRC 1 MATATAG Curriculum Guide, *https://diksiyonaryo.ph*, *https://kwfdiksiyonaryo.ph; https://www.tagalog.com/monolingual-dictionary* *Video kaugnay ng aralin* | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | *WEB CHART*, mga salita na nakasulat sa strip ng kartolina, mga larawan, *puzzle, manila paper*, pandikit | mga larawan, kahon, *fishing rod* gawa ng magnet (pamingwit), *manila paper*, pandikit | mga larawan, *manila paper* | mga larawan, *cut-outs* ng bituin, *manila paper* |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **Balik-aral:**<br><br>**Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Punan ang *WEB CHART* sa pamamagitan ng pagdikit ng mga salitang napag-aralan natin sa nakaraang linggo.<br><br>(***Tala sa Guro:*** *Maghanda ng WEB CHART para sa gawaing ito.)*<br><br>Mga salita na nakasulat sa strip ng kartolina)<br>- *Reuse, Reduce, Recycle* | **Balik-aral:**<br><br>**Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Humarap sa katabi mong kaklase. Sa loob ng dalawang minuot ay ipakilala ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagsasabi ng iyong pangalan, mga bumubuo ng iyong pamilya, at kung saan ka nakatira.<br><br>Pagkatapos na gawin ito ng mga mag-aaral ay itanong sa kanila kung ano ang kanilang naramdaman habang sila ay nagpapakilala sa | **Balik-aral:**<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>1. Ano ang mga napag-aralan natin na mga karapatan na dapat tinatamasa ng batang tulad mo?<br>2. Paano nakapagpapabuti sa inyong kapakanan ang mga karapatang ito?<br><br>**Pagganyak**<br>Ipakita ang mga larawan na nagpapakita ng karapatan ng mga bata. Tanungin ang mga mag- | **Balik-aral:**<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br><br>Paano ninyo ipinapakita ang paggalang sa karapatan ng kapuwa bata?<br><br>**Pagganyak**<br>Ipakita ang mga larawan ng mga pasilidad ng paaralan<br><br>silid-aralan |




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | - pantalon na ginawang shorts<br>- natutulog na patay ang ilaw at telebisyon<br>- *plastic bottle* ng *Mountain Dew* na ginawang bulaklak<br><br>**Pagganyak**<br>"BUOIN MO AKO"<br><br>Hatiin ang mga mag-aaral sa limang pangkat. Bigyan sila ng *puzzle* na larawan na kanilang bubuoin.<br>- larawan ng batang binibinyagan (2 *sets* na magkaiba)<br>- larawan ng may masayang pamilya (2 *sets* na magkaiba)<br>- larawan ng isang tahanan (2 *sets* na magkaiba)<br> <br>  | kanilang kaklase.<br><br>**Pagganyak**<br>*Let's go Fishing*<br><br>Maglagay sa kahon ng iba't ibang larawan na nagpapakita ng karapatan ng mga bata.<br>- larawan ng batang binibinyagan<br>- larawan ng may masayang pamilya<br>- larawan ng isang tahanan<br>- larawan ng bata na nag-aaral<br>- larawan ng bata na kumakain ng masusustansiyang pagkain<br>- larawan ng bata na umiinom ng malinis na tubig<br><br> | aaral kung ano ang ipinapahayag ng bawat larawan.<br><br><br><br><br> | <br>silid-aklatan<br><br>palikuran<br><br>kantina<br><br>palaruan |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |  <br><br>Ididikit ng bawat pangkat ang kanilang awtput sa *manila paper*.<br><br>Ipapaskil ang awtput ng bawat pangkat.<br><br>Bigyan ng pagkakataon ang bawat pangkat na ipaliwanag ang kanilang awtput.<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>Ano ang masasabi ninyo sa bawat larawan? | <br>Maghanda rin ng pwedeng gamitin na pamingwit para sa gagawing laro.<br><br>**Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Tayo ay maglalaro ng *Let's go Fishing*.<br><br>Narito ang paraan ng ating paglalaro.<br>1. Magkakaroon ng pagboboluntaryo sa mga mga-aaral kung sino ang sasali sa laro.<br><br>Ang bilang ng mag-aaral ay depende sa dami ng mga larawan na naihanda.<br><br>2. Sa kahon ay may nakalagay na iba't ibang larawan na nagpapakita ng karapatan ng mga bata. | <br> | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br><br>1. Ano-ano ang mga nasa larawan?<br><br>2. Mahalaga ba ang mga ito? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 3. Bawat isa sa mga mag-aaral na nagboluntaryo ay mamimingwit ng tig-isang larawan at kanilang sasabihin kung anong karapatan ang ipinapakita ng larawan na kanilang nabingwit. Ito ay gagawin ng paisa-isa.<br><br>4. Ulitin ang proseso hanggang maubos ang laman ng kahon.<br><br>Tulungan ang mag-aaral na hindi makatukoy ng ipinapakita ng larawan. | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahan na inyong:<br>• matutukoy ang mga sariling karapatan ng bata *(Rights of a Child)* tulad ng:<br>- pangalan<br>- pamilya<br>- tahanan | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahan na inyong:<br>• maiisa-isa ang mga sariling karapatan ng bata *(Rights of a Child)* tulad ng:<br>- edukasyon<br>- masustansiyang pagkain<br>- malinis na tubig | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahan na inyong:<br>• maipahahayag ang pagiging magalang sa mga karapatan ng bata na kaniyang tinatamasa<br><br>• maipaliliwanag na ang pagiging magalang sa mga karapatan ng bata ay nakapagpapabuti sa kaniyang kapakanan | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahan na inyong:<br>• maipakikita ang pagiging magalang sa pamamagitan ng mga angkop na kilos na nagbibigay-halaga sa mga karapatang tinatamasa bilang bata |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • makikilala na ang mga sariling karapatan *(Rights of a Child)* bilang bata ay nagpapabuti ng iyong kapakanan | • maiuugnay na ang mga sariling karapatan *(Rights of a Child)* bilang bata ay nagpapabuti ng iyong kapakanan | tungo sa pagiging magalang | • mailalapat ang pagigigng magalang sa pamamagitan ng mga angkop na kilos na nakapagpapabuti sa kaniyang kapakanan tungo sa pagiging magalang |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ngayon ay ating pag-usapan ang ilang salita upang mas maunawaan ang ating aralin.<br><br>a. **karapatan**<br>- tumutukoy sa anumang dapat tamasahin ng isang tao *(https://diksiyonaryo.ph)*<br><br>b. **isilang**<br>- ang proseso ng pagkakaroon ng buhay o eksistensya ng isang nilalang mula sa kaniyang ina o pinagmulan, kung saan ito'y lumalabas o nagmumula *(https://www.tag* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ngayon ay ating pag-usapan ang ilang salita upang mas maunawaan ang ating aralin.<br><br>a. **edukasyon**<br>- pagtatamo ng karunungan, kaalaman, at kasanayan *(https://kwfdiksiyonaryo.ph)*<br><br>b. **masustansiya**<br>- naglalaman ng bitamina at mineral na kailangan para sa kalusugan<br>- nagpapatibay ng katawan at isipan<br>- nagbibigay enerhiya sa araw-araw *(https://www.tagalog.com/monoling* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ngayon ay ating pag-usapan ang ilang salita upang mas maunawaan ang ating aralin.<br><br>a. **magalang**<br>- may respeto sa matatanda o nakatatanda *(https://diksiyonaryo.ph)*<br><br>b. **natatamasa**<br>- isang bagay na ating natatamo, nakakamit o nararanasan | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ngayon ay ating pag-usapan ang ilang salita upang mas maunawaan ang ating aralin.<br><br>**a. pasilidad**<br>- pook o kagamitan na kailangan sa paggawa ng isang bagay<br>- silid o gusali na itinayon para sa isang particular na serbisyo *(https://diksiyonaryo.ph)* |




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *alog.com/ monolingual-dictionary)*<br><br>c. **pamilya**<br>- tumutukoy sa mag-anak *(https:// diksiyonaryo.ph)*<br><br>d. **tahanan**<br>- anumang pook na tinitirhan *(https:// kwfdiksiyonaryo.ph)*<br>- institusyon na nangangalaga sa mga taong nangangailangan *(https:// diksiyonaryo.ph)* | *ual-dictionary)*<br><br>c. **kapakanan**<br>- gawain, o anumang nanga-ngailangan ng kilos o pagpupunyagi *(https:// diksiyonaryo.ph)* | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan. Pagkatapos ay hikayatin sila na ilarawan ang bawat isa.<br> | Ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan. Bigyan ang mga ito ng ilang minuto upang masuri ng mabuti ang mga larawan. Tumawag ng ilang mag-aaral na maglalarawan ng mga ito.<br> | Ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan.<br><br> | Magpakita ng dalawang (2) uri ng larawan ng bawat pasilidad.<br><br>*(**Tala sa Guro:** Maghanda ng katulad na larawan na gagamitin ng mga pangkat.)*<br><br>**A.**<br> |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br> | <br> | <br><br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>Ano ang masasabi ninyo sa mga larawan?<br><br>Alin sa mga larawang ito ang nagpapakita ng paggalang sa karapatan ng Iba?<br><br>Paano ninyo ipinapakita ang paggalang sa kapuwa? | <br>**B.**<br><br><br>**C.**<br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | <br>**D.**<br><br><br>**Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Pagkumparahin ang mga larawan sa A, B, C, at D.<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 1. Ano ang masasabi ninyo sa mga larawan sa A?<br><br>2. Alin sa dalawang larawan ang nagpapakita ng paggalang sa karapatan ng iba.<br><br>(Katulad na tanong para sa mga larawan sa B, C, at D.)<br><br>Ipaliwanag na ang paggamit ng tama at maayos sa mga pasilidad ng paaralan ay nagpapakita sa paggalang sa karapatan ng isang bata.<br><br>**Mga inaasahang sagot:**<br>Silid-aralan<br>Panatilihin ang kalinisan upang huwag pagsimulan ng sakit o aksidente.<br><br>Silid-aklatan<br>Huwag mag-ingay upang hindi makaistorbo sa ibang nag-aaral.<br>Ibalik ang aklat sa kung saan ito kinuha.<br><br>Kantina |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Pumila ng maayos sa pagbili ng pagkain. Huwag sumingit sa pila o makipaglaro<br><br>Palaruan<br>Maglaro ng maayos. Huwag makipag-away sa kapuwa bata<br><br>Palikuran<br>Maging malinis sa paggamit sa lahat ng oras. |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Pangkatang Gawain:**<br>Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ipagawa ang mga nakatalagang Gawain sa bawat pangkat.<br><br>**Unang Pangkat Gawain:**<br>Kulayan at idikit sa *manila paper* ang mga larawan na tumutukoy sa karapatan ng mga bata.<br><br>*(**Tala sa Guro:** Maghanda ng mga katulad na larawan)* | **Pangkatang Gawain:**<br>Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ipagawa ang mga nakatalagang Gawain sa bawat pangkat.<br><br>**Unang Pangkat Gawain:**<br>Suriin ang mga larawan. Piliin ang mga larawan na nagpapakita na nakapagpapabuti sa kapakanan ng mga bata.<br><br>*(**Tala sa Guro:** Maghanda ng mga katulad na larawan)*<br> | **Pangkatang Gawain:**<br>Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ipagawa ang mga nakatalagang Gawain sa bawat pangkat.<br><br>**Una at Ikatlong Pangkat Gawain:**<br>Isulat ang salitang ***<u>Deal</u>*** kung ang pangungusap sa bawat bilang ay nagpapahayag ng pagiging magalang at ***<u>No Deal</u>*** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa *manila paper*.<br>___ 1. Tinatawag sa tamang pangalan ang kaklase.<br>___ 2. Nagpapatugtog ng malakas na musika kahit nag-aaral ang kapatid.<br>___ 3. Hinihikayat ng nanay na magsabi ng | **Pangkatang Gawain:**<br>Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ipagawa ang mga nakatalagang Gawain sa bawat pangkat.<br><br>**Unang Pangkat Gawain:**<br>Lagyan ng tsek (✓) kung ang pangungusap sa bawat bilang ay nagpapakita ng paggalang sa karapatan ng iba at ekis (×) kung hindi. Isulat ang inyong sagot sa *manila paper*.<br>___ 1. Buhusan ng malinis na tubig ang palikuran pagkatapos gamitin.<br>___ 2. Itapon ang pinagkainan sa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br><br><br><br> | <br><br><br> | ideya ang kaniyang anak.<br>___ 4. Tinutulungan na magdala ng gamit ang kaibigan na may kapansanan.<br>___ 5. Hindi pinapayagan ng tatay na maglaro ang anak.<br><br>**Ikalawa at Ikaapat na Pangkat:**<br>Lagyan ng tsek (✓) ang mga larawan na nagpapahayag ng pagiging magalang sa karapatan ng bata.<br><br>*(**Tala sa Guro:** Maghanda ng katulad na larawan na gagamitin ng mga pangkat.)*<br> | palaruan.<br>___ 3. Pumila ng maayos sa kantina at linisin ang pinagkainan.<br>___ 4. Ibalik ang mga aklat sa silid-aklatan sa tamang lagayan pagkatapos gamitin.<br>___ 5. Tumulong sa pagpapanatiling malinis ang silid-aralan.<br><br>**Ikalawang Pangkat**<br>Lagyan ng bituin (★) ang mga larawan na nagpapakita ng paggalang.<br><br>*(**Tala sa Guro:** Maghanda ng katulad na larawan na gagamitin ng mga pangkat.)*<br><br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Ikalawang Pangkat Gawain:** Gumuhit ng mga lobo sa isang malinis na papel at isulat sa loob ng mga ito ang letra ng mga karapatang inyong tinatamasa bilang bata.<br><br>A. May magulang o kamag-anak<br>B. Mayroong nag-aalaga at gumagabay<br>C. Napabinyagan at may pangalan<br>D. Naghahanapbuhay<br>E. Namamalimos<br><br>**Ikatlong Pangkat Gawain:**<br>Kilalanin kung anong karapatan ng bata na nakalagay sa letrang A, B, C, at D ang tumutugma sa bawat bilang. Isulat ang letra sa bawat bilang. | <br>**Ikalawang Pangkat Gawain:**<br>Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Isulat sa *manila paper* ang salitang **<u>Tama</u>** kung ito ay nakapagpapabuti sa kapakanan ng mga bata at ang salitang **<u>Mali</u>** naman kung hindi.<br><br>___1. Palaging mataas ang nakukuhang marka ni Michael sa mga pagsusulit dahil ginangamit niya ang kaniyang oras sa pag-aaral.<br><br>___2. Si Jane ay labas-masok sa ospital dahil hindi siya kumakain ng masusustansiyang pagkain.<br><br>___3. Umiinom ng sapat na malinis na tubig si | <br><br><br>Ipapaskil sa pisara ang awtput ng bawat gpangkat at bigyan sila ng pagkakataong ipaliwanag ito.<br><br>Magbigay ng karagdagang paliwanag sa kasagutan/pahayag ng bawat pangkat. | <br><br><br>**Ikatlong Pangkat**<br>Lagyan ng *smiley face* (☺) ang pangungusap ng bilang na nagpapahayag ng paggalang sa karapatan ng iba. Ilagay ang sagot sa *manila paper*.<br>___ 1. Pumila ng maayos sa kantina |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | A. Karapatang maisilang at mabigyan ng pangalan<br>B. Karapatang mabigyan ng pamilya<br>C. Karapatang mabigyan ng tahanan<br><br>_____1. Masayang nagkukuwento si Minju ng kaniyang karanasan sa paaralan sa kaniyang pamilya.<br>_____2. Si G at Gng. Reyes ay pinabinyagan ang kanilang anak at pinangalanan itong Jose.<br>_____3. Malinis at maayos ang tahanan nila Rashae dahil siya ay tumutulong sa mga gawaing bahay.<br><br>**Ikaapat na Pangkat Gawain:**<br>Kulayan ang larawang nagpapakita ng kabutihan sa inyong kapakanan sa mga karapatang iyong tinatamasa.<br>*(**Tala sa Guro:** Maghanda ng mga katulad na larawan)* | Bernard kaya malusog ang kaniyang pangangatawan.<br><br>___4. Palaging inaantok si Niko sa kanilang klase dahil tumutulong siya sa kaniyang tatay na magtinda sa gabi.<br><br>___5. Madalas na hindi nakakakain si Jane ng almusal dahil walang lutong pagkain sa kanilang bahay.<br><br>*(**Tala sa Guro:** Ipakita sa pamamagitan ng slide decks ang mga pangungusap kapag ipinapakita na ng ikalawang pangkat ang kanilang sagot.)*<br><br>**Ikatlong pangkat Gawain:**<br>Isulat kung anong karapatan ng bata ang ipinahihiwatig ng bawat larawan.<br><br> | | kapag bibili ng pagkain.<br>___ 2. Huwag makipagtulakan kapag naglalaro sa palaruan.<br>___ 3. Ikalat ang mga nagamit ng papel.<br>___ 4. Buhusan ng malinis na tubig ang palikuran pagkatapos gamitin.<br>___ 5. Huwag mag-iingay sa silid-aklatan.<br><br>**Ika-apat na Pangkat**<br>Magsulat sa *manila paper* ng mga gawain na nagpapakita ng paggalang karapatan ng kapuwa, lalo na ng batang katulad ninyo.<br><br>Ipapaskil sa pisara ang awtput ng bawat pangkat at bigyan sila ng pagkakataong ipaliwanag ito.<br><br>Magbigay ng karagdagang paliwanag sa kasagutan/ pahayag ng bawat pangkat. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br><br><br><br><br><br>Ang awtput ng bawat pangkat ay ipapaskil sa sa pisara. Bigyan ng pagkakataon ang tagapagsalita ng bawat pangkat na ipaliwanag ang kanilang awtput. | <br><br>**Ikaapat na pangkat**<br>**Gawain:**<br>Pagtambalin ang larawan sa karapatan ng bata na ipinahihiwatig nito. Idikit sa larawan ang kaukulang karapatan.<br><br>*(**Tala sa Guro:** Maghanda ng katulad na larawan at meta strips ng mga karapatan ng bata.)*<br><br>A. Karapatang makapag-aral<br>B. Karapatan na makakain ng masusustansiyang pagkain<br>C. Karapatan sa malinis na tubig | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | |      | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | <br><br>Ipapaskil sa pisara ang awtput ng bawat pangkat at bigyan sila ng pagkakataong ipaliwanag ito. | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipakitang muli ang mga larawang ginamit.<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>1. Ano-ano ang mga karapatan ng batang tulad ninyo ang tinalakay natin sa araw na ito?<br><br>Ipatukoy ang mga ito gamit ang mga larawan.<br><br>2. Naranasan o nararanasan ba ninyo ang mga karapatang ito? | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>1. Ano-ano ang mga karapatan ng batang tulad ninyo ang tinalakay natin sa araw na ito?<br><br>2. Ano ang gagawin mo upang ang mga karapatang ito ay magdudulot ng magandang kapakinabangan sa iyong sarili?<br><br>Talakayin ang mga sagot ng mga mag-aaral sa mga tanong. Magbigay din ng dagdag na kaalaman upang mas | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>Paano mo maipakikita ang pagiging magalang sa mga karapatan ng bata na kaniyang tinatamasa? | **Itanong sa mga mag-aaral::**<br>Paano mo maipakikita ang iyong paggalang sa iyong kapuwa, lalo na sa kapuwa-bata. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Talakayin ang mga sagot ng mga mag-aaral sa mga tanong.<br><br>Magbigay ng impormasyon tungkol sa sumusunod na mga karapatan ng mga bata:<br><br>a. Karapatang isilang at mabigyan ng pangalan<br><br>b. Karapatang mabigyan ng pamilya<br><br>c. Karapatang mabigyan ng tahanan | lalo pang maintindihan ng mga mag-aaral ang aralin. | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Base sa mga natukoy ng mga mag-aaral na karapatan ng mga bata, itanong ang sumusunod:<br><br>1. Paano nagpapabuti sa inyong kapakanan ang mga karapatang inyong tinatamasa?<br><br>2. Paano ninyo pinahahalagahan ang mga karapatang ito? | Base sa mga natukoy ng mga mag-aaral na karapatan ng mga bata, itanong ang sumusunod:<br><br>1. Paano nagpapabuti sa inyong kapakanan ang mga karapatang inyong tinatamasa?<br><br>2. Paano ninyo pinahahalagahan ang mga karapatang ito?<br><br>**Sabihin sa mga mag-aaral:** | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>Paano mo maipapahayag ang pagiging magalang sa sumusunod na karapatan ng bata:<br>➢ magkaroon ng pamilyang mag-aaruga<br>➢ maisilang at mabigyan ng pangalan<br>➢ mabigyan ng sapat na pagkain, kasuotan at maayos na tirahan<br>➢ maglaro at maglibang<br>➢ mabigyan ng sapat na edukasyon | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Naipakikita natin ang paggalang sa karapatan ng iba sa pamamagitan ng paggamit ng tama at maayos sa mga pasilidad ng ating paaralan.<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral**:<br>Paano ninyo naipakikita ang paggalang sa kapuwa kung kayo ay nasa:<br>1. palikuran |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ang pagkilala ng mga sariling karapatan ng bata *(Rights of a Child)* (hal. pangalan, pamilya tahanan,) ay mahalaga Dahil sa mga karapatang ito, naipapakita na lahat tayo ay gumagalang sa karapatan ng bawat bata. | Bukod sa mga karapatan na magkaroon ng pangalan, masayang pamilya, at maayos na tahanan, ang batang tulad mo ay dapat na nagtatamasa ng karapatan na magkaroon ng magandang edukasyon. Ito ay makatutulong upang magkaroon ng magandang kinabukasan at maging isang produktibong mamamayan ng bansa. Inaasahan din ang mga Karapatan na makakain ng sapat at masusustansiyang pagkain, at magkaroon ng malinis na tubig, lalo na ang maiinom na tubig, ay matatamasa ng batang tulad mo upang ikaw ay lumaking malusog at hindi sakitin.<br><br>Ang mga karapatang ito ay magpapabuti ng iyong kapakanan. | | 2. palaruan<br>3. silid-aklatan<br>4. silid-aralan<br>5. kantina |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **Panuto:**<br>Isulat ang letrang **K** kung ang pahayag sa bawat bilang ay **Karapatan ng bata** at letrang **H** naman kung | **Panuto:**<br>Iguhit sa iyong kuwaderno ang hugis puso (💙) kung ang pahayag sa bawat bilang ay nagdudulot ng | **Panuto:**<br>Iguhit ang masayang mukha (☺) kung ang pangungusap sa bawat bilang ay nagpapahayag ng pagiging magalang at | **Panuto:**<br>Iguhit sa sagutang papel ang tesk (✓) kung ang pahayag ay nagpapakita ng paggalang sa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Hindi**. Gawin ito sa iyong kuwaderno.<br><br>___ 1. Si Juan ay namamalimos sa lansangan.<br>___ 2. Nagtatrabaho si Jose sa kaniyang murang edad para sa kaniyang pamilya.<br>___ 3. Si Rodel ay tinatawag ng kaniyang mga kalaro sa kaniyang pangalan.<br>___4. Si John ay pinabinyagan ng kaniyang mga magulang.<br>___ 5. Ang pamilya Reyes ay may masayang tahanan. | kapakinabangan sa kapakanan ng mga bata at hugis tatsulok ( ) kung hindi.<br><br>___ 1. Nagsisikap mag-aral si Lito upang makatanggap ng parangal.<br>___ 2. Madalas na tanghali kung gumising si Angelo kaya nahuhuli siya sa pagpasok sa paaralan.<br>___ 3. Si Nanay Cora ay palaging naghahanda ng masustansiyang pagkain para sa mga anak.<br>___ 4. Umiinom ng sapat at malinis na tubig si May kaya hindi siya nagkakasakit.<br>___ 5. Mahilig kumain ng tsitsirya sina Ana at Malou kaya sila'y sakitin. | malungkot na mukha (☹) kung hindi.<br><br>___ 1. Nagpapaalam muna si Jose bago niya hiramin at kunin ang gamit ng kaniyang kaklase.<br>___ 2. Binabasa ni Jasmine ang sulat na hindi para sa kaniya.<br>___ 3. Tinutukso ni Juanito ang kaklase niyang may kapansanan.<br>___ 4. Hindi na nag-iingay pagdating ng alas diyes ng gabi.<br>___ 5. Tinulungan ni Ana ang kaklase niyang nahihirapan sa kanilang aralin. | karapatan ng iba at ekis (×) kung hindi.<br><br>___ 1. Tahimik lang ako habang nag-aaral sa silid-aklatan.<br>___ 2. Pinapabayaan kung marumi ang aming palikuran.<br>___ 3. Nag-iingay ako kahit nakikita kung nag-aaral ang aking mga kaklase<br>___ 4. Pumipila ako ng maayos sa kantina kapag bumibili ng pagkain<br>___ 5. Maayos akong naglalaro sa palaruan. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | **Panuto:**<br>Tukuyin ang karapatang tinatamasa ng mga bata sa bawat pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.<br><br>a. Karapatang isilang at mabigyan ng pangalan | **Panuto:**<br>Iguhit sa iyong kuwaderno ang masayang mukha (☺) kung ang pangungusap sa bawat bilang ay nagpapahayag ng iyong karapatan bilang bata at malungkot na mukha (☹) kung hindi. | **Panuto:**<br>Iguhit sa iyong kuwaderno ang bituin (★) kung ang larawan ay nagpapakita ng paggalang sa karapatan ng bata.<br><br> | **Panuto:**<br>Gumawa ng poster ng mga karapatan ng batang tulad mo, at ang mga paraan kung paano maipapakita ang paggalang sa kapuwa gamit ang mga karapatang ito. Humingi ng tulong sa nakatatandang kasama |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | b. Karapatang mabigyan ng pamilya<br><br>c. Karapatang mabigyan ng tahanan<br><br>___1. Ang mag-asawang Myrna at Ben ay binibigyang panahon ang pamamasyal kasama ang kanilang mga anak.<br><br>___2. Si Duecelle ay pinabinyagan ng kaniyang mga magulang.<br><br>___3. Si Ana at Audrey ay may maayos at malinis na tirahan. | ___ 1. Nagtatrabaho ang mga magulang ni Helen upang may maipanggastos sa kaniyang pag-aaral.<br>___ 2. Palaging umiinom ng *softdrinks* si Juan pagkatapos kumain.<br>___ 3. Tinatapunan ng basura ang ilog na malapit kina Kaloy kaya marumi ang ang tubig na lumalabas sa kanilang gripo.<br>___ 4. Nagtitinda sa kalye si John kaya hindi siya palaging nakakapasok sa paaralan.<br>___ 5. Mas madalas na gulay ang ulam nila Karen, kaysa karne ng baboy. | <br><br><br> | sa bahay sa paggawa nito. |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

| Inihanda ni: | Nirebyu ni: | Pinagtibay ni: |
| --- | --- | --- |
| ______________________ | ______________________ | ______________________ |
| Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head |